5

# ARALING PANLIPUNAN

## 3 Markahan – Linggo 5-6
## Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto
### Learning Activity Sheets (LAS)

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI



## SCHOOLS DIVISION OF DINAGAT ISLANDS


**Araling Panlipunan 5**
**Ikatlong Kwarter – Mga Gawain sa Pagkatuto**
**Unang Set**
**Unang Edisyon, 2020**



**Republic Act 8293**, **section 176** states that: No copyright shall subsist in any work of the Government of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit. Such agency or office may, among other things, impose as a condition the payment of royalties.

Borrowed materials (i.e., songs, stories, poems, pictures, photos, brand names, trademarks, etc.) included in this book are owned by their respective copyright holders. Every effort has been exerted to locate and seek permission to use these materials from their respective copyright owners. The publisher and authors do not represent nor claim ownership over them.

Published by Schools Division of Dinagat Islands

**Development Team of the Learning Activity Sheets**

**Writer:** Princess Angel May A. Rojas

**Editor:** Christopher D. Balatero, Merlinda T. Japay,
Prescilla P. Capisnon, Rhey G. Eder

**Reviewers:**

**Layout Artist:** Jay S. Mateo, Kevin L. Madera

**Management Team:**

| | | |
|---|---|---|
| | Schools Division Superintendent | FELISA G. LARANJO, PhD, CESO |
| VI | | |
| | OIC, Assistant Schools Division Superintendent | LEONEVEE V. SILVOSA, PhD |
| | Chief Education Supervisor, SGOD | MILA O. GERALDINO, PhD |
| | Chief Education Supervisor, CID | LOPE C. PAPELERAS, PhD |
| | Education Program Supervisor, Aral.Pan. | JUAN JR L. ESPINA |

**Printed in the Philippines by** ______________________________

Department of Education – Learning Resource Management Section
Office Address: White Beach, Dinagat, Dinagat Islands
E-mail Address: sample@gmail.com, lrms.dinagatislands.caraga@deped.gov.ph
Telephone no.: ______________________

| **Linggo 5** | **Mga Pagbabago sa Kolonya at Pag-usbong ng Pakikibaka ng Bayan** |
|---|---|



***Panimula***

Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto (**Learning Activity Sheets**) ay denisinyo at sinulat para sa batang katulad mo na nasa ikalimang baitang upang maipapaliwanag ang mahahalagang salik sa pag-usbong ng kamalayang pambansa at pakikibaka ng mga Pilipino. Ang mga gawaing matatagpuan dito ay inaasahang makatulong sa iyo upang mabibigyang-linaw ang konsepto ng


kolonyalismo.Sa aralin ding ito ay mauunawaan ang kaugnayan ng pakikipaglaban ng mga Pilipino sa pag-usbong ng nasyonalismong Pilipino sa panahon ng kolonyalismo.

Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto ay naglalaman tungkol sa:

**Aralin 1: Pag-usbong ng Kamalayang Pambansa at Pakikibaka**

Pagkatapos ng mga gawaing ito, ikaw ay inaasahang:

1. Maipapaliwanag ang epekto ng mga lokal na pangyayari sa pakikipaglaban ng mga Pilipino sa pag-usbong ng nasyonalismong Pilipino.



## *Paunang Pagtataya*

**Panuto**: Tukuyin ang inilalarawan sa bawat pahayag. Gamiting basehan ang mga salitang hindi nakaayos na nasa loob ng panaklong sa pagsagot. Isulat ang sagot sa sagutang patlang.

________1. Pangkat ng mga katutubong Pilipino na naninirahan sa bulubundukin ng Cordillera. (**GORTOI**)

________2. Pangunahing dahilan sa hangarin ng mga Espanyol na sakupin ang Hilagang Luzon. (**NOTGI**)

________3. Relihiyong nais ipalaganap ng mga Dominikano at Augustiniano sa mga katutubong Pilipino. (**MOKRISYATINIS**)

________4. Gobernador Heneral na nag-utos na siyasatin ang mga gintong ibinebenta ng mga Igorot sa Ilocos. (**ZPIALEGA**)

________5. Mga pangkat sa Mindanao na lumaban upang hindi mapasailalim sa kolonya ng Espanya. (**LSIMUM**)


________6. Pamahalaang militar na itinatag ng pamahalaang kolonyal upang masigurong magiging mapayapa ang kanilang nasasakupan. (**DANCIACOMAN**)

________7. Taktikang ginamit ng mga Espanyol na naglalayong pagwatak – watakin ang mga katutubo upang hindi sila magkaisa laban sa mga Espanyol. (**VIDEDI DAN LURE CYLIPO**)

________8. Nanguna sa pagsiyasat upang alamin ang kalidad at dami ng ginto sa kabundukan ng Hilagang Luzon. (**UANJ DE LSADOCE**)

________9. Sinaunang relihiyon ng mga Igorot. (**MOAMISNI**)

________10. Sultan sa Mindanao na magiting na nakipaglaban sa mga Espanyol. (**TANSLU RATKUAD**)



## *Pag-aralan*

Sa pagsapit ng ika-18 dantaon nagsimulang magising ang mga Pilipino sa mga tunay na nangyayari sa kanila at umusbong ang kamalayang makabansa. May mga pangyayari sa loob ng bansa na nagpasidhi sa kanilang pagnanais na makalaya. Kabilang ditto ang monopolyo ng tabako, ang kilusang agraryo, ang pag-aalsa ng Kapatiran ng San Jose ( Cofradia de San Jose), hiwa-hiwalay na pag-aalsa sa ibat-ibang bahagi ng kapuluan, at ang pag-okupa ng mga Ingles sa Maynila.

Sa kalagitnaan ng pananakop ng kolonyal na pamahalaan, may mga pangyayaring unti-unting gumising sa kamalayan ng mga mamamayan. Napagtanto nila na pare-pareho pala ang karaingan ng kapwa-Pilipino sa maraming bahagi ng bansa. Unti-unting nabuo ang isang kamalayang pambansa o nasyonalismo. Ang *nasyonalismo* ay ang pananaw na bahagi ka hindi lamang ng isang maliit na pamayanan kundi ng isang mas malaking komunidad – ang bansa. Dahil sa pananaw na ito nabubuo ang pagmamahal sa bayan at pagnanais na ito ay maging malaya at nagsasarili. Ang pananaw at damdaming ito ay unti-unting nabuo ng mga Pilipino sa pagdaan ng panahon. Ito ang naging mitsa ng sumunod na mga pakikibaka ng bayan at rebolusyon laban sa pamahalaang Espanyol.

### Mga Katutubong Pilipino na Lumaban sa mga Espanyol

Hindi naging madali sa mga Espanyol na sakupin ang Pilipinas. Kinailangan nilang magkaroon ng isang magandang taktika upang mahimok ang mga katutubong Pilipino na tanggapin ang kolonyalismo at masupil ang mga ito. Ang Hilagang Luzon at Mindanao ay iilan sa mga lugar na nais sakupin ng mga Espanyol dahil sa mga likas na yaman na mayroon ang mga lugar na ito at baguhin ang kanilang paniniwala na may kinalaman sa relihiyon.

Idinaan ng mga Espanyol sa marahas na pamamaraan ang pagsupil sa mga Igorot at Muslim. Gamit ang iba't ibang armas, ang pamahalaang kolonyal ay nagpadala ng ekspedisyong militar sa Cordillera at Mindanao upang matiyak ang pagkatalo ng puwersa ng mga katutubo.

Ipinatupad din nila ang divide and rule policy upang pagwatak-watakin ang mga katutubo at upang humina ang puwersa ng mga ito sa pakikipaglaban. Nagpadala rin sila ng mga mersenaryo upang labanan ang kapwa katutubo. Sa kabila nito, buong giting na nakipaglaban ang mga ito upang mapanatili ang kanilang mapayapang pamumuhay sa kanilang lupain.

### Mga Katutubong Igorot sa Cordillera

Ang Bulubundukin ng Cordillera ay tahanan ng mga Igorot, na nahahati sa iba't ibang pangkat etnolingguwistiko: Ibaloi, Isneg, (Apayao), Kankanaey, Kalinga, Bontoc,

at Ifugao. Ang mga katutubong ito ay nabubuhay sa biyaya ng kalikasan. Ang ilan sa kanilang mga hanapbuhay ay pagsasaka, paghahabi ng tela, pagnganganga, pangangayaw o pakikilahok sa digmaan laban sa ibang katutubo. May sariling paniniwalang panrelihiyon ang mga katutubong Igorot kung saan pinaniniwalaan nila na ang kalikasan ay tahanan ng mga espiritu. Napanatili ng mga katutubong ito ang kanilang pagiging malaya dahil hindi napagtagumpayang sakupin ng mga Espanyol ang kanilang mga lupain.

**Mga Dahilan ng Pananakop ng mga Espanyol sa Cordillera**

**Pangangalap ng Ginto**

Pinaniniwalaan ni Gobernador Heneral Miguel Lopez de Legazpi na ang kabundukan ng Cordillerra ay mayaman sa deposito ng ginto. Natuklasan niyang ang mga gintong ito ay ibinebenta ng mga Igorot sa Ilocos, tulad ng mga naging kolonya ng Espanya, ninais ng mga Espanyol na makinabang sa deposito ng ginto sa Cordillera.



Gob. Hen. Miguel Lopez de Legazpi


Nagpadala ng misyon si Legazpi sa Ilocos sa pangunguna ng kanyang apo na si Juan de Salcedo upang alamin ang mga gintong ibinebenta rito. Ipinagpatuloy ng mga sumunod na Gobernador Heneral ang pagpapadala ng misyon sa Kabundukan ng Cordillera upang ipagpatuloy ang paghahanap ng ginto. Lalong pinaigting ang pangangalap ng mga ginto dahil sa pagsiklab ng Thirty Years War sa Europa dahil na rin sa pangangailangan ng Espanya upang matutustusan ang kanilang pakikidigma.

**Pagpapalaganap ng Kristiyanismo**

Matapos hindi magtagumpay sa paghahanap ng ginto sa bulubundukin ng Cordillera, nagpadala ng mga misyonerong Dominikano at Agustiniano ang mga Espanyol upang ipalaganap ang relihiyong Kristiyanismo. Nasaksihan ng mga ito ang paniniwalang animismo ng mga Igorot na itinuring nilang isang uri ng pagsamba sa demonyo. Ipinahayag din nila sa mga ito na upang mailigtas ang kanilang mga kaluluwa ay kinakailangan nilang yakapin ang Kristiyanismo. Hinikayat din nila ang mga ito na bumaba ng kabundukan at manirahan sa pueblo at maging “sibilisadong katutubo” kagaya ng ginawa nila sa mga nasa kapatagan. ipinag-utos ni GobernadorHeneral Francisco de Tello de Guzman ang pagpapadala ng misyong

relihiyoso sa Cordillera sa pamumunuan nina Kapitan Mateo de Aranda at Padre Esteban Marin, ang kura paroko ng Ilocos.

Tinangka ni Padre Marin na kumbinsihin ang mga katutubong Igorot na makipagtulungan kay Kapitan Aranda. Sumulat siya ng isang diksyonaryo ng Wikang Igorot upang mas mapadali ang pakikipag-usap sa mga katutubo.



Mahigpit na tinutulan ng mga Igorot ang tangkang pagbibinyag sa kanila bilang Kristiyano. Dinakip nila ang ilan sa mga misyonerong Espanyol at ito ay kanilang pinatay. Bilang tugon ni Aranda, ipinasunog niya ang mga tahanan ng mga Igorot at sinupil ang mga ito.

Nabigo ang mga misyonero sa tangkang binyagan ang mga katutubong Igorot dahil sa mga kadahilanan. Una, nahirapan silang puntahan ng madalas sa kabundukan. Pangalawa, hindi sapat ang bilang ng mga misyonero at ang huli mahirap sa mga sundalong tunguhin ang lugar upang lupigin ang mga katutubong Igorot dahil hindi nila kabisado ang pasikot-sikot ng bundok.



**Monopolyo ng Tabako**

Sa pagsapit ng ika-19 na siglo, muling nagpadala ng misyon ang mga Espanyol sa Cordillera upang itatag ang pamahalaang militar upang masigurong susunod ang mga Igorot sa mga ipinatutupad na patakaran ni Gobernador- Heneral Jose Basco y Vargas na monopolyo ng tabako noong 1781. Sa patakarang ito, lahat ng maaaning tabako ng mga Igorot ay maaari lang ibenta ng mga katutubo sa pamahalaan. Humirang ng kinatawan ang pamahalaan na siyang may karapatan sa pagbili ng mga tabako ng mga katutubo. Gayunpaman, ito ay mariing tinutulan ng mga katutubo kaya patuloy pa rin silang nagbebenta ng kanilang mga produkto nang patago sa ibang mangangalakal.

Itinanatag ang Comandancia del Pais de Igorrotes upang mabantayan ang mga Igorot at ang mga taga-Pangasinan. Ito ay binubuo ng mga beteranong sundalo sa pamumuno ni Guillermo Galvey. Nahati rin ang comandancia sa iba't ibang rehiyon. Mula 1829 hanggang 1839 ay inilunsad ng mga Espanyol ang armadong pananalakay sa mga Igorot.

Sa ilalim ng monopolyo ng tabako, nakaranas ng iba't-ibang pang-aabuso ang mga katutubo dahil kadalasan sila ay niloloko ng mga ahente ng pamahalaan.


Dahil ang mga kinatawan na ito ang tanging may karapatan sa pagbili ng kanilang produkto, madalas ito ay binibili sa kanila sa murang halaga pagkatapos ibebenta ng mahal sa iba. Gayunpaman, hindi nagtagumpay ang comandancia na pasunurin ang mga katutubo sa monopolyo ng tabako.

**Katutubong Muslim sa Mindanao**

Kagaya ng mga Igorot, hindi naging madali sa mga mananakop na sakupin ang mga Muslim sa Mindanao. Naging aktibo ang mga sultanato sa pakikipagkalakalan ng bawat isa at sa mga karatig sultanato sa Timog-silangang Asya. Nagkasundo rin ang mga ito na ipagtatanggol ang bawat isa sa oras ng kagipitan.

Noong 1571, ay sinimulan ng mga Espanyol na sakupin ang Mindanao. Nilabanan ng mga Muslim ang puwersa ng mga mananakop na sumalakay sa Mindanao na tinatawag nilang Digmaang Moro. Dahil sa ipinakitang katapangan ng mga Muslim, sila ay nanatiling malaya (maliban sa ilang bahagi ng Mindanao) hanggang sa matapos ang kolonyalismong Espanyol sa Pilipinas.

Sa pang-apat na Digmaang Moro inilunsad ang kauna-unahang jihad o banal na digmaan ng mga Muslim laban sa mga Espanyol. Ito ay sa pamumuno ni Sultan Kudarat.



Nagtatag ng mga kuta sa iba't ibang bahagi ng Zamboanga ang mga Espanyol upang magsilbing lunsaran ng pagsakop nila sa mga sultanato. Sa Mindanao rin nila napahina ang puwersa ng mga Muslim at naipalaganap ang Kristiyanismo sa pangunguna ni GobernadorHeneral Sebastian Hurtado de Corcuera.

Nakuha ng mga Espanyol ang Lamitan noong 1637 ang kabisera ng Kudarat. Isang taon ang lumipas bumalik si Corcuera sa Jolo at napasuko si Kudarat. Dahil dito, nagpalakas muli si Kudarat at ipinagpatuloy ang pakikipaglaban sa mga Espanyol. Napilitan ang mga Espanyol na makipagkasundo kay Sultan Kudarat noong 1645. Pansamantalang nagkaroon ng kapayapaan sa pagitan ng mga Espanyol at mga Muslim subalit noong 1655, pinatay ang ipinadalang sugo ng mga Espanyol dahil sa pamimilit nitong tanggapin ang Kristiyanismo kay Kudarat. Inilunsad ni Kudarat ang unang jihad. Hindi sumalakay ang mga Espanyol bagkus ay kanilang isinara ang kuta sa Zamboanga noong 1663. Dahil dito, pansamantalang naging mapayapa ang Mindanao mula sa mga mananakop.

Makikita na ang pangunahing dahilan ng pagsalakay ng mga Espanyol ay ang pagpapalaganap ng Kristiyanismo. Subalit ang isa pa sa kanilang hangarin ay

ang masugpo ang malakas na puwersa ng mga katutubo upang maging ganap ang kanilang pagsakop sa Pilipinas. Layunin din nilang mangalap ng mga yaman upang may maipangtustos sa ibang digmaang kanilang kinasasangkutan. Gayonpaman, nahirapan ang mga Espanyol sa pananakop dahil sa ipinakitang katapangan ng mga katutubo.

## *Mga Gawaing Pampagkatuto*

**Pangkalahatang Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang mga sumusunod na pangungusap. Tandaan ito at sagutin ang mga tanong.

**Gawain 1**

**A. Panuto**: Ayusin ang pagkakaayos ng mga titik upang mabuo ang mga salitang lilinang tungkol sa paksang aralin. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. GOITOR ______________________________
2. NIGOT ______________________________
3. LUISMM ______________________________
4. TISMONKISRAYI ______________________________
5. ELGAZPI ______________________________
6. MANCOCIADAN ______________________________
7. AJUN ED DOSALCE ______________________________
8. LLCORDIERA ______________________________
9. LOEUPB ______________________________
10. ADHIJ ______________________________

**B. Panuto**: Basahin ang bawat pahayag. Lagyan ng tsek (/) ang mga dahilan kung bakit hindi nasupil ng mga Espanyol ang mga Muslim at ekis (X) naman kung hindi. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

_____1. May pagkakaisa ang mga Muslim.

_____2. Kinilala ang mga kapangyarihan ng mga Espanyol.

_____3. Iginalang nila ang mga Espanyol.

_____4. Matatag at may paninindigan ang mga ito.

_____5. Iniwan nila ang kanilang lupain.

_____6. Gumawa sila ng mga armas.

_____7. Ayaw nilang maging Kristiyano.


_____8. Ipinaglaban ang kanilang paniniwala.

_____9. Mahusay sa pakikipagdigma.

_____10. Natakot ang mga kalaban.

**Gawain 2**


**Panuto**: Gayahin ang *Venn Diagram* na nasa ilalim sa iyong sagutang papel. Gamit ang *Venn Diagram* ay sumulat ng tatlong (3) mabuti at ‘di mabuting naidulot ng paglaban ng mga katutubo sa mga Espanyol.




Gawing gabay sa pagmamarka ng gawain ang sumusunod na rubric.

| **Rubrik sa Pagmamarka ng Dayagram** | | |
|---|---|---|
| **Pamantayan** | **Puntos** | **Nakuhang Puntos** |
| Malinaw na naihambing ang mabuti at di-mabuting naidulot ng paglaban ng mga katutubo sa mga Espanyol. | 10 | |
| Maayos ang pagkakasulat sa dayagram at ang ugnayan ng mga kaisipan. | 5 | |

| | | |
|---|---|---|
| **Kabuuang Puntos** | 15 | |



### *Paglalahat / Repleksyon*

3 — 3 bagay na nakita ko

Natuklasan ko…

______________________________________

______________________________________

______________________________________

2 — 2 interesadong bagay na natutunan ko

Natutunan ko ang…

______________________________________


______________________________________

1 — 1 bagay na nalilito ako

______________________________________

Kailangang matuto pa ako…

______________________________________



### *Panapos na Pagtataya*

**Panuto**: Piliin ang angkop na sagot sa mga tanong. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Pamahalaang militar na itinatag ng pamahalaang kolonyal upang masigurong mapayapa ang partikular na teritoryo at susunod ang mga Pilipino sa patakaran.

   A. Bandala
   B. Comandancia
   C. Polo y servicio
   D. Kalakalang Galyon

2. Alin sa sumusunod ang hindi kabilang sa dahilan ng pagsakop ng mga Espanyol sa bulubundukin ng Luzon?

A. ginto
B. tributo
C. kristiyanismo
D. monopolyo ng tabako

3. Nag-utos upang magsiyasat ng mga gintong ibinebenta ng mga Igorot sa Ilocos.

A. Gob. Heneral Miguel Lopez de Legazpi
B. Gob. Heneral Jose Basco y Vargas
C. Kapitan Garcia de Aldana Cabrera
D. Gob. Heneral Ferdinand Magellan

4. Nakagisnang relihiyon ng mga Igorot na naniniwalang ang kalikasan ay tahanan ng mga espiritu at ng kanilang mga yumaong ninuno.

A. Muslim
B. Animismo
C. Born Again
D. Kristiyanismo

5. Nagmula sa salitang golot na ang ibig sabihin ay "bulubundukin".

A. Igorot
B. Muslim
C. Tagalog
D. Kapampangan

6. Bakit naging mahirap para sa mga Espanyol na masakop ang lahat ng pangkat na nakatira sa masusukal na kabundukan at magkakahiwalay na pulo?

A. Dahil magaling magtago ang mga Pilipino.
B. Dahil sa katangiang heograpikal ng Pilipinas.
C. Dahil maraming mababangis na hayop sa kabundukan.
D. Dahil sila ay gumawa ng mga patibong at ikinatakot ito ng mga Espanyol.

7. Isa sa mga lugar na hindi napagtagumpayang sakupin ng mga Espanyol ay ang mga kabundukan ng Cordillera. Naninirahan dito ang mga Igorot. Alin sa sumusunod na hanapbuhay ng mga nabanggit na pangkat ang HINDI kabilang?

A. Paghahabi ng Tela
B. Pagnganganga
C. Pagsasaka
D. Pangingisda

8. Tawag sa banal na digmaang inilunsad ng mga Muslim upang maipagtanggol ang kanilang relihiyon at pamumuhay.

A. Jihad
B. Moro
C. Bandala
D. Comandancia

9. Maituturing bang tagumpay ng mga katutubo at Muslim ang kanilang ginawang pagtatanggol sa kanilang teritoryo?

A. Oo, dahil napanatili nila ang kanilang sariling kultura.
B. Oo, dahil dito natakot ang mga Espanyol sa mga katutubo.
C. Hindi, dahil hindi naging maunlad ang kanilang pamumuhay.
D. Hindi, dahil hanggang ngayon sa kabundukan pa rin sila naninirahan.

10. Ang mga sumusunod ay mga dahilan kung bakit nagrebelde ang mga katutubo laban sa mga Espanyol maliban sa isa.
A. Pagbawi sa nawalang kalayaan.
B. Labis-labis na paniningil ng buwis.
C. Pakikipagkaibigan ng mga Espanyol sa mga katutubo.
D. Pangangamkam ng mga lupain ng mga pinunong Espanyo

***Susi sa Pagwawasto***

## *Sanggunian*

*Antonio, Eleonor D. et al. Kayamanan I Kasaysayan ng Pilipinas. (2005). Rex Bookstore, Inc. 856 Daang Nicanor Reyes, Sr. Sampaloc, Maynila, Philippines. pp. 150-151*

*Gabuat, Maria Annalyn P. et al. Araling Panlipunan 5 Pilipinas Bilang Isang Bansa. (2016). Vibal Group, Inc. 1253 Gregorio Araneta Avenue, Quezon City, Philippines. pp. 208-218*

*Leong, Conchita F. et al. Kasaysayan ng Pilipinas I (2004). Innovative Educational Materials, Inc. 2356 Syquia St., Sta. Ana Manila, Philippines. pp. 125*

*K to 12 CG,MELCS*

*Molave, Aurelia at Danao,Carolina P.(2006), Bagong Kalinangan,Sibika at Kultura,.Phoenix Publishing House.*

| **Linggo 6** | **Mga Pandaigdigang Pangyayari sa Kamalayang Pambansa at Pakikibaka** |
|---|---|



## *Panimula*

Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto (**Learning Activity Sheets**) ay denisinyo at sinulat para sa batang katulad mo na nasa ikalimang baitang upang maipapaliwanag ang mahahalagang salik sa pag-usbong ng kamalayang pambansa at pakikibaka ng mga Filipino. Ang mga gawaing matatagpuan dito ay inaasahang makatulong sa iyo upang mabibigyang-linaw ang konsepto ng


kolonyalismo.Sa aralin ding ito ay mauunawaan ang kaugnayan ng pakikipaglaban ng mga Pilipino sa pag-usbong ng nasyonalismong Pilipino sa panahon ng kolonyalismo.

Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto ay naglalaman tungkol sa:

**Aralin 2: Pandaigdigang Pangyayari sa Kamalayang Pambansa**

Pagkatapos ng mga gawaing ito, ikaw ay inaasahang:

Maipapaliwanag ang epekto ng mga pandaigdigang pangyayari sa pakikipaglaban ng mga Pilipino sa pag-usbong ng nasyonalismong Pilipino.



## *Paunang Pagtataya*

**Panuto**: Ang samahan sa komunidad ay mas tumatatag kapag may katarungan. Makatarungan ba ang sumusunod na mga gawain? Lagyan ng **Oo** o **Hindi** ang patlang.

______ 1. Itinapon ni Jose ang basura sa bakuran ng kapitbahay.

______ 2. Nagkakalat ng tsismis si Tina ukol kay Kate.

______ 3. Isinauli ni Jun ang hiniram niyang bisikleta.

______ 4. Nagtayo ng bahay si Mang Jose sa isang lote nang walang paalam sa may-ari nito.

______ 5. Hindi nagbabayad ng tubig sa asosasyon si Cita kahit sinisingil na siya.


______ 6. Nanghihingi ng pagkain tuwing rises si David.

______ 7. Hindi binabayaran ni James ang utang sa kaklase.

______ 8. Inaapi ni Jack si Wayne.

______ 9. Iniingatang mabuti ni Jayne ang aklat na hiniram niya sa kaibigan.

______ 10. Palaging huli sa pagbayad ng upa ng bahay si Celeste.



## *Pag-aralan*



Maliban sa mga natalakay na, nakaimpluwensya rin sa pagbuo ng kamalayang pambansa ang mga pangyayari sa Europe pagtuntong ng ika-19 na siglo. Nagsimula ito sa pagsapit ng Age of Enlightenment sa Europe na naging patakarang kolonyal ng mga Espanyol sa Pilipinas. Makikita sa itaas ang dibuho ni Jose Casado del Alisal na isang depiksiyon ng panunumpa ng mga kinatawan na bumalangkas ng Cadiz Constitution of 1812. Ang konstitusyong ito ay direktang nakaapekto sa kalagayan ng Pilipinas bilang kolonya at sa paggising sa hangarin ng mga Filipino na maging malaya.

Ang mga pandaigdigang pangyayari ay nagkaroon ng epekto sa kolonyal na patakaran at mga pangyayari sa Pilipinas noong ika-18 siglo. Partikular sa mga pandaigdigang pangyayaring ito ay ang paglipas ng merkantilismo at pagsisimula ng malayang kalakalan, pagwawakas ng kalakalang galyon noong 1815, at ang paglaganap ng kaisipan mula sa Age of Enlightenment ng Europe (kilala bilang La Ilustracion sa Spain) na nagresulta sa pagbuo at pagpatupad ng Cadiz Constitution ng 1812 sa Spain. Ang mga pandaigdigang pangyayaring ito ay nagkaroon ng epekto sa pagkabuo ng kamalayang makabayan at pakikibaka ng mga Filipino.

### Ang La Ilustracion o Age of Enlightenment

Ang La Ilustracion o Age of Enlightenment ay maituturing na mahalagang panahon ng paghahanap ng katotohanan at pag-angat ng antas ng pag-iisip at pamumuhay sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng pamahalaan, impraestruktura at mga institusyon ng lipunan . Ang ambag ng mga intelektuwal ng La Ilustracion ay nagkaroon ng epekto sa unti-unting paghina ng mga imperyo at ang kaakibat na mga pagbabago sa larangang pangkaisipan lalo na hinggil sa politika at ekonomiya.

### Ang Cadiz Constitution ng 1812

Ang Cadiz Constitution ng 1812 ay nilikha bunga ng hangarin ng Spain na wakasan ang mga pang-aabusong dala ng sistemang konserbatibong umiiral sa kanilang bansa. Binibigyang-halaga sa nasabing konstitusyon ang mga ideyang liberal gaya ng karapatan sa pagboto ng mga kalalakihan, pambansang soberanya, monarkiyang konstitusyonal , kalayaan sa pamamahayag, reporma sa lupa, at malayang kalakalan. Si Ventura de los Reyes, isang mayamang Filipino, ang nahalal bilang kinatawan.

**Epekto ng La Ilustracion sa Pilipinas**

Ang deklarasyon ng Cadiz Constitution sa PIlipinas noong 1813 ay lumikha ng matinding reaksiyon mula sa hanay ng mga Filipino. Ang pagpapatupad nito ay nangangahulugang kailangang ipatigil ang ilang mahigpit na patakarang pang-ekonomiya ng Spain sa Pilipinas tulad ng sapilitang paggawa at pagbabayad ng buwis. Pagkalipas ng isang taon ay idineklara ni Gopbernador- Heneral Jose de Gardoqui Jaraveita ang pagbawi sa pagpapatupad ng konstitusyon ng Pilipinas sapagkat hindi kakayanin g masuportahan ng kolonya ang mga pangangailangan ng pamahalaang Espanyol sa Pilipinas kung ititigil ang pangongolekta ng buwis. Tinangkang ipinatupad muli ang Cadiz Constitution sa PIlipinas noong 1814 sa paglaya ng Spain mula sa France subalit hindi rin natuloy.

Bigo man ang mga pag-aalsa, malinaw na pinukaw ng kaisipang La Ilustracion at Cadiz Institution ang kamalayan ng mga Filipino tungkol sa kanilang mga karapatang dapat tinatamasa sa buhay. Nakatulong din ang mga ito upang mapagtanto ng mga Filipino na may pagkakataon sana silang mamuhay nang maginhawa kung magwawakas ang pang-aabuso sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng mga karapatan.

**Paglipas ng Merkantlismo**

Mula ika-16 hanggang ika-18 siglo, naging batayan ng kaunlaran at kapangyarihan ng mga bansa sa Europe ang prinsipyong merkantilismo. Ayon sa merkantilismo, ang tunay na sukatan ng kayamanan ng isang bansa ay ang dami ng mahahalagang metal lalo na ng ginto at pilak na pagmamay-ari nito. Ito ang nagtulak sa mga kanluraning bansa na magpalawak at mag-unahan sa paghahanap ng mga bagong teritoryo sa labas ng Europe na maaaring magbigay sa kanila ng dagdag yaman. Ilan sa mahahalagang epekto ng merkantilismo ay ang pagtatatag ng malalakas na hukbong military na magtatanggol sa mga kolonyang bansa ng mga European, higit ding naging mahalaga ang ginto at pilak bilang pambayad sa barter trade o transaksiyon sa pagpapalitan at pagtutumbasan ng produkto.

**Pagwawakas ng Kalakalang Galyon Noong 1815**

| Salik | Mga Pangyayari at Epekto |
|---|---|

| | |
|---|---|
| Okupasyong British ng Maynila (1762-1764) | • Pinangunahan ng mga opisyal ng British East India Company<br>• Nabago ang kolonyal na kaayusan at lalong sumidhi ang damdamin ng mga Filipino na makalaya mula sa Spain.<br>• Pinahina nito ang mataas na pagtingin at takot ng mga Filipino sa kapangyarihan ng mga Espanyol dulot ng pagkatalo nito sa mga British.<br>• Pinalaganap ang ideya ng malayang kalakalang isinagawa sa Great Britain at naikumpara ito sa kalakalang galyon kung saan karamihan sa nakikinabang ay mga Espanyol. |
| Pagkakatuklas ng bagong rutang pangkalakalan | • Pagdaong sa Maynila sa kauna-unahang pagkakataon ng barkong direktang nagmula sa Spain – ang Buen Consejo – noong 1765.<br>• Pagtatatag ng Compania de Libre Comercio sa Madrid noong 1778 na nangasiwa sa direktang kalakalan sa pagitan ng Spain at Maynila.<br>• Nabigo ang Compania de Libre Comercio at pinalitan naman ng Real Compania de Filipinas na humamon din sa katatagan ng kalakalang galyon. |
| Paghina ng kalakalan ng tela sa Mexico | • Dulot ng paglaki ng merkado sa Mexico para sa tela at iba pang produktong yari sa bulak mula sa India noong kalagitnaan ng ika-18 siglo.<br>• Pagsapit ng ika-19 na siglo, humina at tuluyang nabuwag ang kalakalan sa telang Indian kung kaya't ang natira na lamang ay ang sedang Tsino sa pagkalaban sa kalakalang galyon. |
| Deklarasyon ng Cadiz Constitution | • Nagpanukala ng liberal na kaisipan, mga bagong karapatan at kalayaang pantao, reporma sa lupa at malayang kalakalan. |

## MGA SALIK NG PAG-USBONG NG KAMALAYANG MAKIBAKA AT PAMBANSA

Kasabay ng paglipas ng merkantilismo at pagtatapos ng kalakalang galyon ay mga pangyayari sa labas ng Pilipinas na nakaimpluwensiya sa diwang makibaka at pambansa ng mga Filipino. Kabilang dito ang pagbubukas ng Suez Canal at paglahok ng Pilipinas sa malayang kalakalan, pag-usbong ng panggitnang uri, at pagpasok ng liberal na kaisipan. Dagdag rito ay ang sekularisasyon ng simbahan sa Pilipinas.

### Pagbubukas ng Suez Canal

Noong ika-17 ng Nobyembre 1869, binuksan sa pandaigdigang kalakalan ang Suez Canal. Sa pagbubukas ng kanal na ito, higit na napadali ang pag-aangkat ng kalakal at pagdating ng kaisipang liberal mula sa Europe patungo sa ibang panig ng daigdig. Napaikli sa isang buwan ang paglalakbay mula sa Europe patungo sa Maynila.

Bunsod nito ay dumami ang mga dayuhang naglakbay sa Pilipinas dala ang sariling mga pananaw, kaisipan, at kultura, gayundin ang mga Filipinong nakapaglakbay palabas ng bansa. Nakarating din sa Pilipinas ang mga aklat, pahayagan, at iba pang babasahing mula sa Europe at America na naglalaman ng mga kaisipang liberal na may kaugnayan sa kalayaan, pagkakapantay-pantay at pagkakapatiran.




**Pag-usbong ng Panggitnang uri**

Ang panggitnang uri ay karaniwang kinabibilangan ng mga Chinese at Spanish mestizo. Dahil sa nakamit nilang kasaganaan ay nagkaroon sila ng kakayahang pag-aralin ang kanilang mga anak sa Maynila osa Europe, partikular sa Spain.

**Sekularisasyon**

Ang sekularisasyon ay ang pagbibigay sa mga paring secular ng kapangyarihang pamunuan ang mga parokya.

**Ang tatlong Paring Martir**

Dinakip ang mga paring sina Mariano Gomez, Jose Burgos, at Jacinto Zamora. Pinagbintangan silang mga pinuno ng pag-aalsa sa Cavite. Hinatulan sila ng kamatayan at ginarote noong ika-17 ng Pebrero 1872.

## *Mga Gawaing Pampagkatuto*

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang mga sumusunod na pangungusap at sagutin ang mga tanong.

**Gawain 1**

**Panuto**: Tukuyin ang salita o konseptong inilalarawan sa bawat bilang . Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

| | |
|---|---|
| a. Merkantilismo | f. Suez Canal |
| b. serkularisasyon | g. Buen Consejo |
| c. Cadiz Constitution ng 1812 | h. British India Company |
| d. Principales | i. panggitnang uri |
| e. La Ilustracion | j. Maynila |

_____ 1. Unang konstitusyon ng Spain

_____ 2. Tawag sa Enlightenment o kaliwanagan sa Spain

_____ 3. Sistemang ekonomiko kung saan ang batayan ng kayamanan ng isang estado ay ang dami ng ginto at pilak na pagmamay-ari nito.

_____ 4. Mga Filipino o mestizong mula sa mataas na uring panlipunan at kadalasang galling sa hanay ng mga dating pinuno sa Pilipinas.

_____ 5. Pagbibigay sa mga paring secular ng kapangyarihang pamunuan ang mga parokya.

_____ 6. Nagiging daungan ng mga kalakal buhat China na dinadala sa Mexico.

_____ 7. Mga opisyal na nanguna sa okupasyong British ng Maynila.

_____ 8. Pinakaunang barko na dumaong sa Maynila na direktang nagmula sa Spain.

_____ 9. Karaniwang kinabibilangan ng mga Chinese at Spanish mestizo.

_____ 10. Pinag-uugnay nito ang Mediterranean Sea at Red Sea.

**Gawain 2**

**Panuto:** Isulat ang salitang *TAMA* kung tama ang isinasaad ng pangungusap. Kung mali, isulat ang *MALI.*


______ 1. Nang matalo ng France ang Spain ay namuno si Napoleon Bonaparte dito bilang hari.

______ 2. Isang salik sa paghina at pagtatapos ng kalakalang galyon ay ang paghina ng kalakalan ng tela sa Mexico.

______ 3. Napayaman ng kalakalang galyon ang Spain mula sa kita rito.

______ 4. Hindi nagkaroon ng epekto ang La Ilustracion sa PIlipinas dahil malayo ang Europe sa Pilipinas.

______ 5. Sa merkantilismo, nakasalalay sa dami ng ginto at pilak ang yaman ng isang bansa.



## *Paglalahat / Repleksyon*

**3** 3 bagay na nakita ko


Natuklasan ko…
________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________

**2** 2 interesadong bagay na natutunan ko

Natutunan ko ang…
________________________________________
________________________________________
________________________________________

**1** 1 bagay na nalilito ako

Kailangang matuto pa ako…
________________________________________
________________________________________



# *Panapos na Pagtataya*

**Panuto**: Basahin ang mga pangungusap at bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Itinuturing ito na bahagi ng mas malawak na panahon na tinatawag na Age of Reason sa Europe.
   A. Cadiz Constitution
   B. La Ilustracion
   C. Merkantilismo
   D. Suez Canal

2. Ano ang konstitusyon na nagbibigay halaga sa mga ideyang liberal?
   A. Cadiz Constitution
   B. La Ilustracion
   C. Merkantilismo
   D. Suez Canal

3. Napadali nito ang pag-aangkat ng kalakal at pagdating ng kaisipang liberal.
   A. Cadiz Constitution
   B. La Ilustracion
   C. Merkantilismo
   D. Suez Canal

4. Kailan binuksan nang pandaigdigang kalakalan ang Suez Canal?
   A. Nobyembre 1, 1869
   B. Nobyembre 7, 1879
   C. Nobyembre 17,1869
   D. Nobyembre 27, 1879

5. Ito ang siyang pambayad sa barter trade o trnasaksiyon sa pagpapalitan at pagtutumbasan ng produkto.
   A. ginto at bronse
   B. ginto at nickel
   C.ginto at pera
   D. ginto at pilak

6. Noong ika-18 siglo, naging batayan ng kaunlaran at kapangyarihan ng mga bansa sa Europe ang prinsipyong merkantilismo. Ano ang mahalagang epekto nito sa ating bansa?
   A. pag-usbong ng panggitnang-uri
   B. pagtatag ng mahinang hukbong military
   C.pagtatag ng malalakas na hukbong militar
   C. humina at tuluyang nabuwag ang kalakalan sa telang Indian

7. Kailan hinatulan ng kamatayan at ginarote ang tatlong paring martir?
   A. ika-15 ng Pebrero 1872
   B. ika-15 ng Marso 1872
   C. ika-17 ng Pebrero 1872
   D. ika 28 ng Pebrero 1972

8. Siya ang hinalal bilang kinatawan sa Cadiz Constitution ng 1812.

A. Jose Burgos
B. Jacinto Zamora
C. Jose de Vera Gardoqui
D. Ventura de los Reyes

9. Ang pagbubukas ng Suez Canal ay isang salik ng pag-usbong sa kamalayang makibaka. Ano naman ang naiambag nito sa pakikibaka ng ating bansa?

A. higit na napadali ang pag-aangkat ng kalakal
B. dumami ang mga Pilipino na nagtatrabaho sa ibang bansa
C, humina at tuluyang nabuwag ang kalakalan sa telang Indian
D. kakayahang pag-aralin sa ibang bansa ang mga kabataang Pilipino

10. Ano ang ambag ng mga intelektuwal ng La Ilustracion sa pag-usbong ng kamalayang pambansa at pakikibaka?

A. dumami ang mga Pilipino na nakapag-aral
B, humina at tuluyang nabuwag ang kalakalan sa telang Indian
C. kakayahang pag-aralin sa ibang bansa ang mga kabataang Pilipino
D. unti-unting paghina ng mga imperyo at mga pagbabago sa larangang pangkaisipan.

## *Susi sa Pagwawasto*

**Paunang Pagtataya**

| | |
|---|---|
| 1. oo | 6. hindi |
| 2. hindi | 7. hindi |
| 3. oo | 8. hindi |
| 4. hindi | 9. oo |
| 5. hindi | 10. hindi |

**Gawain 1**

| | |
|---|---|
| 1. c | 6. j |
| 2.e | 7. h |
| 3. a | 8. g |
| 4. d | 9. i |
| 5. b | 10.f |

**GAWAIN 2**

1. mali
2. tama
3. tama
4. mali
5. mali

**Panapos na Pagtataya**

| | |
|---|---|
| 1. b | 6. c |
| 2. a | 7. c |
| 3. d | 8. d |
| 4. c | 9. a |
| 5. d | 10.d |

# *Sanggunian*


Camagay, Ma.Luisa T. Cadiz Constitution ang its Repercussion in the Philippines. Nasa Reframing the Cadiz Constitution in Philippine History (2013).Manila: National Historical Commision of the Philippines,93-104.

Cruz, R. (1988). Ang Pagkabuo ng Nasyonalismong Filipino. Marikina: J.C. Palabay Enterprises.

Fast,J.at Richardson, J. (1979). Roots of Dependency. Quezon City: Foundation for Nationalist Studies.

Guerrero, M. The Liberal Character of the Cadiz Constitution of 1812. Nasa Reframing the Cadiz Constitution in Philippine History (2013).Manila: National Historical Commission of the Philippines, 53-59.